

Mga Wikang Taboo ng Visayas: Isang Pagdalumat

Jennifer A. Gorumba¹, Lita A. Bacalla²

College of Teacher Education, Palompon Institute of Technology
College of Arts and Sciences Cebu Normal University

*jennifer.gorumba@yahoo.com*¹, *lolita_bacalla@yahoo.com.ph*²

Asia Pacific Journal of
Management and
Sustainable Development
Vol. 10, No. 3, pp. 135-139
September 2022
Lumina Special Issue
ISSN 2782-8557

Abstract – Ang wika ay may heograpikal na lokasyon at ito ay nagkakaroon ng panibagong kahulugan. Ang Visayas ay may iba-ibang bernakyular na wika kung kaya minsan ay may kalituhan sa paggamit nito. Ang panguhing layunin ng pag-aaral na ito ay madalumat ang mga salitang taboo sa Visayas partikular sa Rehiyon VII at Rehiyon VIII na nakatuon sa mga wikang ginagamit na nagkakaroon ng kakaibang kahulugan o hindi tanggap ng lipunan o tinatawag na wikang taboo. Ang teoryang ginamit sa pag-aaral ay teoryang sosyolingguwistiko. Ito ang kakayahang sosyal sa paggamit ng wika. Descriptive linguistics ang pamamaraang ginamit sa pagsusuri at ginamit din ang unstructured interview o hindi binalangkas na panayam. Ginawa ang panayam sa pamamagitan ng video call at pagtawag sa mobile phone. Ginamit ang word mapping mula sa mga nakalap na salita sa mga nakapanayam. Napag-alaman sa pag-aaral na karamihan sa mga salitang taboo sa wikang Cebuano at wikang Waray ay nagkaroon ng ibang pagpapakahulugan at gayun din sa pagpapakahulugan sa Tagalog. Sinasabi na walang wikang bastos sa pandinig kung hindi ito binibigyan ng malisya. Napatunayan sa pag-aaral na ang mga salitang taboo ay hindi ipinagbabawal bagkus mahalagang madalumat batay sa konteksto ng kultura sa bawat lugar. Inirerekomenda na maisama sa glosaryo ng mga wika sa bansa ang mga salitang dinalumat.

Keywords – Cebuano, pagdalumat, Taboo, Waray, wika

PANIMULA

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansa na may maraming sinasalitang wika na kung minsan ang isang wika ay nagkakaroon na iba't ibang interpretasyon o pagpapakahulugan kahit nasa isang rehiyon o pulo lamang. Nabanggit sa pag-aaral na ang Pilipinas ay hiwa-hiwalay na pulo kaya hindi maiiwasan na kahit na magkakalapit na rehiyon ay may iba't ibang barayti ng wika na nagkakaiba ng termino at interpretasyon ng kahulugan [1].

Sa resulta ng pag-aaral ni Constantino, ang Pilipinas ay may humigit kumulang sa isandaang wika na kinabibilangan ng apat na raang dayalek. Mula rito ay nailarawan niya ang mga katangian ng mga wika at kung paano ito ginagamit ng mga Piipino sa pakikipagtalastasan [2].

Samantala, maraming dahilan kung bakit nagkakaroon ng barayti ang wika. Ito ay nakabatay sa heograpikong lokasyon na kung saan ginagamit ang partikular na wika na maaaring mahiwalay ng isang anyong tubig o kabundukan. Kasunod nito ang tinatawag na *language boundary* na dulot ng migrasyono, paglipat ng komunidad sa ibang lugar [3].

Sinasabi na ang wika ay sumasalamin din sa kultura, kaisipan, kasanayan at sining ng sambayan.

May sariling pekyulyaridad at sariling pamamaraan ng pag-aaral. Ipinahihiwatig na ang bawat wika ay may sariling identidad na makikita mismo kung sino ang nagsasalita at kung paano niya ito ginagamit sa pakikipagtalastasan. Hindi maipagkakaila na maraming mga mananaliksik na nag-aaral sa iba't ibang wika, lahat ay may layunin at dahilan [4].

Samantala, ang wikang taboo o hindi katanggap-tanggap na wika ay pagbabawal o paghihigpit sa mga kaugalian o paniniwala, sa madaling sabi ang mga ito ay gawaing balbal o hindi akma sa paningin o panlasa ng nakararami [5]. Ang isang komunidad ay may mga wikang napagkasunduan, ibig sabihin maaaring dala ito ng kultura, paniniwala o pamumuhay pero may mga wikang sadyang taliwas sa kulturang Pilipino, ito ang pagiging konserbatibo. Isa na rito ang pag-aatubiling pagbanggit ng mga wikang medyo malaswa o mga wikang tinatwag na may *double meaning* o dalawang kahulugan.

Sinasabing natutukoy ang pananalita ng tao at nalalaman kung saan namamalagi dahil sa punto ng pananalita at gayon din ang impluwensiya ng dayalektong ginagamit. Gayon man, maaaring may iba pang katangian ang pananalita na hindi kaugnay sa

baryasyong rehiyunal. Ito ay maaaring bunga ng ilang lipunang salik, [6]. Isa na rito ang mga wikang taboo na gamit ng isang lugar na maaaring dala ng ekspresyon, impluwensiya ng isang grupo, at lipunang kaniyang kinabibilangan.

Ang *langage taboo* ay mga salita, parirala o sugnay na itinuturing na hindi akma sa isang salitaan o pakikipagtalastasan. Ito ang mga salitang ipinagbabawal na gamitin lalong-lalo na kung nakikipag-usap sa mas nakatatanda, propesyunal, sa mga bata, sa may mga katungkulan o kahit ninuman. Sa kulturang Pilipino, ang mga salitang taboo ay hindi pa ganoon katanggap dahil sa pagiging konserbatibo. Malaki rin ang epekto ng taboo sa pagbabago ng wika. May mga salitang iniwasan dahil malaswa kung bigkasin kung kaya ito ay napapalitan ng ibang salita, halimbawa ng parte ng katawan ng lalaki na naging “ibon ng lalaki”, at sa babae naman ay “bulaklak ng babae.” Ito ay ilan lamang sa mga salitang iniwasang banggitin sa pakikipagsalitaan [7].

Sa resulta ng isang pag-aaral, bahagi na ng pagpapahayag ng Cebuano ang paggamit ng mga salitang taboo lalo na ang mga gamit sa pagmumura. Ang mga salitang taboo ay mauuri ayon sa kahulugan at salitang ginamit. Napag-alam din na maraming salitang taboo ang ginagamit ng mga Cebuano na may katumbas na eupemismo [8].

Ang pagkakaroon ng mga panibagong kahulugan o interpretasyon ng mga wika ay dala na ng kultura at paniniwala ng isang kumunindad. Ang mga wikang ito ay maaaring nagtataglay ng malaswa o kakaibang kahulugan sa ilang mga lugar pero wala naman itong halong kabastusan sa ibang lugar. Ang Visayas, partikular na ang Rehiyon VII at Rehiyon VIII ay mga rehiyon na may mga partikular na dayalektong ginagamit kung kaya nagkakaroon ng identidad. Kaugnay nito, nagkaroon ng motibasyon ang mga mananaliksik na pag-aralan ang mga ito dahil sila mismo ay nakaranas ng ganito sa tuwing pupunta sila sa ibang mga lugar ng dalawang rehiyon.

Nakasandig ang pag-aaral na ito sa teoryang sosyolingguwistiko. Sa kasaysayan, ang pangunahing tungkulin ng sosyolingguwistika ay komunikasyon at interaksyon, baryasyon ng lingguwistik at barayti ng wika, ang kakayahang sosyal sa paggamit ng wika, ang pagbabago at pag-unlad ng wika [9].

Sa paniniwala naman ni Sapir na nabanggit ni Constantino, ito ay batay sa pamamalagay na ang wika ay panlipunan at ang speech (language) ay pang-indibiduwal. Pinaniniwalaan din na ang wika ay isang

kasangkapang sosyalisasyon na ang reslasyong sosyal ay hindi iiral kung wala ito [10].

Sa isang pananaw naman, sinasabing ang sosyolingguwistik ay ideya ng pagiging *heterogeneous* ng wika dahil na rin sa magkakaiba ng interes, tirahan, pinag-aralan, gawain, paniniwala, at iba pa. Sinabi rin na ang wika ay hindi isang simpleng instrumento ng komunikasyon na ginagamit ng indibiduwal ayon sa sistema ng mga alituntunin kundi isang kolektibo, isang pagsama-sama ng mga anyo sa magkakaibang kultural at sosyal na pamamaraan [11].

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy, malaman at madalumat ang mga salitang taboo ng Visayas partikular sa Rehiyon VII at Rehiyon VIII na nagkakaroon ng ibang kahulugan kapag ginagamit ito sa ibang lugar ng rehiyon. Tiniyak din sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

1. Makalikom ng mga salitang taboo sa Visayas.
2. Maikategorya ang mga wika batay sa mga lugar na gumagamit nito.
3. Madalumat ang kahulugan ng mga salita na ibinatay sa tatlong wika - ang Cebuano, Waray at Tagalog.
4. Maisama sa glosaryo ang mga salitang taboo na nagkaroon ng mga di-bulgar na kahulugan.

MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Descriptive Linguistics ang pamamaraang ginamit sa pagsusuri ng mga salita upang maipakita ang mga kahulugan ng mga wikang taboo sa tatlong wika - wikang Cebuano, wikang Waray at wikang Tagalog na nagkakaroon ng mga kakaibang kahulugan. Kinalap ang mga wikang taboo sa dalawang rehiyon at nagkaroon ng *word mapping* at pinili ang mga wika ayon sa digre ng paggamit nito. Nagkaroon ng pakikipayam sa mga kalahok mula sa Rehiyon VII at Rehiyon VIII. Ang wikang gamit ng Rehiyon VII ay purong Cebuano samantala ang Rehiyon VIII ay Waray at Cebuano naman na depende rin sa lokasyon ng lugar pero ang binigyang pokus na wika ay ang Waray. Ang pamamaraang ginamit sa pakikipanayam sa mga kalahok ay sa pamamagitan ng *video call* at pagtawag sa telepono. Sa pakikipanayam, ginamit ang *unstructured interview* o hindi binalangkas na panayam.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Inilalahad dito ang mga kahulugan ng mga salitang nakalap mula sa mga kalahok. Gumamit ng talahanayan para mauri ang mga salitang taboo at madalumat ang mga ito. Ang bawat salita ay tinumbasan ng mga kahulugan. Sa ganitong paraan, madaling matukoy ang parehong salita pero magkaiba ang kahulugan. Ang mga salita sa loob ng talahanayan ay maaari pang magtaglay ng ibang kahulugan, ang mga nakatala na salita ay mula sa mga sagot ng mga nakapanayam.

Talahanayan 1: Mga Wikang Taboo ng Visayas na Nagkaroon ng Ibang Kahulugan at ang Katumbas na Kahulugan sa Tagalog

Cebuano	Kahulugan	Tagalog	Kahulugan
libog	nalilito	libog	lust
kaya't	pakikipagtalik	kaya't	pinaikling kaya at
upa gerger	pakikipagtalik pakikipagtalik	upa gerger	renta palayaw ng tao
putik otin pepe	kibot ari ng lalaki ari ng babae	putik lisik pepe	mud dilat palayaw ng tao
sili boto bayo	chilli tistics masturbation	sili boto bayo	chilli vote pagpukpok o pag-alog
kiyod puday molmol lagay yabag	pagsayaw hinlalaki oral sex mud pangit ang boses	kiyod puday molmol lagay yabag	pakikipagtalik ari ng babae parrot fish sitwasyon tunog ng pagtapak
kolera piste atay	sakit curse curse	kolera piste atay	sakit parasite liver

Waray	Kahulugan	Tagalog	Kahulugan
Libog Kaya't	nawoworok bangin	libog kaya't	lust pinaikling kaya at
upa gerger	rice hull palayaw ng tao	upa gerger	renta palayaw ng tao
putik lisik	rectum ari ng lalaki	putik lisik	mud dilat

pepe sili boto bayo	ari ng babae ari ng lalaki tistics" masturbation	pepe sili boto bayo	palayaw ng tao chilli vote pagpukpok o pag-alog pakikipagtalik
kiyod (Samar) Puday (Samar) molmol lagay	ari ng babae parrot fish testicles	kiyod puday molmol lagay	ari ng babae parrot fish posisyon o sitwasyon/ putik
yabag	may sira sa utak/sintunad o	yabag	tunog ng pagtapak
kolera piste atay	curse curse liver	kolera piste atay	sakit parasite liver

Makikita sa talahanayan ang mga salitang taboo sa wikang Waray at wikang Cebuano na halos pakikipagtalik at parte ng katawan ang katumbas na kahulugan. May pag-aalinlangan pa rin sa pagsasalita o paggamit sa mga ito, lalong-lalong na sa mga mataong lugar, paaralan, o kahit sa pakikipanayam ng mananaliksik ay hindi masambit ang ilan sa mga salita dahil parang nag-aatubili pa kung paano ito sasabihin na kung minsan ang mga sagot ay inuunahan muna ng "uhmmmm... kwan..." bago masambit ang mga salita.

Mula sa mabusising pagsusuri ng mga salitang taboo na nakalap mula sa mga nakapanayam, ang wikang Cebuano at Waray ay tinumbasan o binigyan ng kahulugan sa Filipino na talagang malaki ang pagkakaiba. Pinatutunayan lamang na ang mga tao ay may kani-kaniyang gamit ng wika o tinatawag din itong idyolek dahil sa kinabibilangang lipunan. Bunga ito ng pagsasama ng mga salita sa iba't ibang paraang lingguwistiko at sosyal. May mga taong magkakasama dahil sa pinagsasaluhang wika at may mga taong napagsama-sama dahil sa isang pinagsasaluhang wika. At may mga taong nagsama-sama dahil sa magkakapareho sila ng edukasyon, trabaho, kinabibilangang partido, sosyo-ekonomikong grupo, kaanak at iba pa. Mula rito, nabubuo ang iba't ibang anyo ng wika [12].

Ang mga wikang nakapaloob sa talahanayan, sa hanay ng wikang Tagalog, ay mga wikang nagiging bahagi ng araw-araw na pakikipagtalastasan maliban na lang marahil sa salitang **libog**, pero kung susuriing mabuti ang mga salitang Cebuano at Waray ay may malaking kaibahan ang kahulugan kung ihahambing

ito sa Tagalog. Ang salitang *lagay* na ibig sabihin ay putik, at mula sa interpretasyon ng mga nakapanayam, ang lagay ay inihalintulad nila sa *characteristics* ng putik na malambot, kayumanggi at parang may bitak-bitak. Ang *kaya't* ay naging palasak na ekspresiyon ng mga tao. Mula sa mga nakapanayam ay hindi matukoy kung paano ito nagmula, ang wikang ito ay sadyang nagpasalin-salin lamang. Ang *upa*, ito ay nagmula sa aksiyon ng mga hayop partikular ang manok kung paano ang posisyon nito sa pakikipagtalik. Sinabi naman ng mga nakapanayam na ang salitang *gerger* ay parang kabute na umusbong na lamang na kahit sa radio stations ito ay maririnig. Sa pagpapakahulugan sa isa sa katangian ng wika - ang **wika ay pantao** na ang ibig sabihin ay isang eksklusibong pag-aari ng mga tao na sila mismong lumikha at sila rin ang gumagamit. Dala-dala ito ng mga tao bilang kasangkapan ng pakikipagtalastasan [13].

Sa pagsusuri ay napag-alaman na kahit ang mga wika sa Rehiyon VIII ay nagkakaroon ng magkaibang kahulugan. Ang ilan sa mga salitang taboo ay hindi na naging bulgar sa paggamit sa isa pang wika. Ang *“kiyod”* at *“puday”* sa Sinamarnong Waray ay hindi ito taboo pero sa ibang parte ng lugar partikular na sa Leyte na ang pangunahing wika ay Waray ay nagkakaroon na ito ng panibagong kahulan, ang kiyod ay pakikipagtalik at ang puday naman ay ari ng babae, ang kahulugan ay kapareho ng wikang Cebuano. Ibig sabihin ay maaaring magkaroon ng mga pagkakaiba ng pananalita sa loob ng isang grupo o lipunan dahil sa magkaibang etnikong kaligiran. Tunghayan naman ang salitang *molmol*, ito ay *oral sex* kung tumbasan sa Waray at isa namang uri ng isda para sa mga Cebuano. Ito raw ay paghahalintulad ng katangian ng molmol kung paano ito kumakain ng mga dumi sa pusod ng dagat pero ito ay ilan lamang sa pagpapakahulugan o ispekulasyon ng mga kinapanayam. Ang *yabag* at *kolera* naman ay isang ekspresiyon para maibulalas ang pagkainis o pagkagalit ng tao. Gayon din ang atay, ito ay isang sumpa pero ito ay naging palasak na ekspresiyon na halos hindi na mapapansin na ito pala ay isang sumpa dahil kahit anong estado ng buhay, edad, kasarian ay gumagamit ng salitang ito bilang parte ng kanilang ekspresiyon na nasasambit na lamang nang bigla.

Sinasabing ang lahat ng pagkapoot, pagkapagod, pagkabagot ay naihayag, nailalabas at ipinapakita sa pamamagitan ng pagsasalita. Bilang tao, ito ay nakatutulong para maibsan ang damdaming

umaapaw at maipahag ito sa pamamagitan ng paggamit ng wikang taboo [14].

Ang wikang taboo ay may tatlong kategorya, isa na rito ang kategoryang pakikipagtalik, ayon sa pagpapakahulugan, sa pakikipagtalastasan natin ay maraming hindi akmang salita, lalo na kung pagbabatayan ang edad ng tao at paniniwala [15]. Kung mapapansin ang resulta ng pagdalumat ng mga salita mula sa mga wikang taboo ng Rehiyon VII at Rehiyon VIII ay halos lahat ay may pagpapakahulugan sa pakikipagtalik na mahirap talagang banggitin dahil sa pagiging konserbatibo ng mga Pilipino pero ang mga salitang ito ay walang kalaswaang kahulugan sa iba pang rehiyon ng bansa. Nangangahulugan lamang ito na ang mga ipinagbabawal na wika ay minsan nakadepende sa lugar, kultura, paniniwala at pamumuhay. Sa mga salitang dinalumat ang atay lamang ang nagkaroon ng magkaibang bigkas, /a.tay/ ibig sabihin pamumura at /atáy/ naman ay binibigkas nang mabilis.

Sa pangkalahatan, sinabi ng mga kinapanayam na wala naman talagang bastos na salita kung malawak lamang ang pag-unawa sa wika.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa ginawang pagsusuri ng mga salitang taboo, may mga pag-aalinlangan sa paggamit ng wika pero hindi pinipigilan ang komunidad sa paggamit nito dahil ito ay parte ng kanilang pagpapahayag ng komunikasyon para maihatid ang mensahe at damdamin. Kung maisasatitik lang ito sa glosaryo o diksyonaryo at maisalin sa mga aralin marahil ay hindi na ganoon kabastos ang pagkakaunawa ng gagamit o makaririnig sa mga wikang taboo. Mula sa mga nakapanayam at sa pagsusuri ng mga wikang taboo, napatunayan na ang pag-aaral ng mga wikang ito ay hindi ipinagbabawal bagkus mahalagang madalumat batay sa konteksto ng kultura sa bawat lugar.

Ninana is ng mananaliksik na magkaroon pa ng mga pag-aaral sa mga wikang taboo sa mga rehiyon ng bansa nang sa gayon ay maitala ang mga ito sa mga glosaryo para maunawaan ng lahat ang kahulugan. Pero sinasabi na walang wikang bastos sa pandinig kung hindi ito binibigyan ng malisya.

SANGGUNIAN

- [1] Gorumba, J. A. (2021). Morpolohikal na Pagsusuri sa Wikang Ceb-Waray. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development*.9(1).
- [2] Rubin, L. T. (1992). *Wika Sa Lipunang Pilipino*. Quezon City: Rex Book Store.

- [3] Moran, D. H. (2012). "Linggwistiko at Heograpihong Varayti sa Pilipinas. Baryasyon at Varati ng Wika. Inc J. M. Peregrino, Alonzo, R. I., N. S. Ocampo, & J. D. Petrsa (Eds.), Salindaw: varayti at baryasyon ng Filipino. Philippines: Sentro ng Wikang Filipino.
- [4] Arrogante, J. A. et. al.(2009). Sining ng Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Mandaluyong City: National Book Store.
- [5] Canasa, C. et.al (2021). Introduksiyon sa Pag-aaral ng Wika (Pandalubhasaan). Manila: Mindshapres Co., Inc.
- [6] Ocampo, N.S. (2012). "Mga Varayti ng Wika". Baryasyon at Varati ng Wika. Inc J. M. Peregrino, Alonzo, R. I., N. S. Ocampo, & J. D. Petrsa (Eds.), Salindaw: varayti at baryasyon ng Filipino Philippines: Sentro ng Wikang Filipino.
- [7] Paz, CJ (2003). Ang Pag-aaral ng Wika. The University of the Philippines Press. Diliman, Quezon City.
- [8] Mamayog, R. J. O., (2018). Yupemismo ng mga Salitang "Taboo" sa Wikang Cebuano. Isang Tesis na Ipinasa sa Kagawaran ng Edukasyong Sekondarya, Kolehiyo ng Edukasyon, Pamantasan ng Katimugang Mindanao, Kabacan, Cotabato.p.109.
- [9] Hudson, R. (1996): Sociolinguistics. 2nd ed. Cambridge: Cambridge University Press.
- [10] Constantino, P. C. (2012). "Pluralidad Tungo sa Identidad: Ang Varayti ng Wikang Filipino sa Pagbuo ng Wika". Baryasyon at Varati ng Wika. Inc J. M. Peregrino, Alonzo, R. I., N. S. Ocampo, & J. D. Petrsa (Eds.), Salindaw: varayti at baryasyon ng Filipino Philippines: Sentro ng Wikang Filipino.
- [11] Venuti, G. L. (1998). The Standards of Translation, London & New York: Routledge.
- [12] Constantino, P. C. (2012). "Wikang Filipino Bilang Konsepto. Baryasyon at Varayti ng Wika. Inc J. M. Peregrino, Alonzo, R. I., N. S. Ocampo, & J. D. Petrsa (Eds.), Salindaw: varayti at baryasyon ng Filipino Philippines: Sentro ng Wikang Filipino.
- [13] Abangan, Abangan, V., R.S. Gera, at R.R. Berbero. (2007). Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Quezon City: KJY Printing Press Inc.
- [14] Zhou N. (2010). Taboo Language on the Internet: An Analysis on Gender Differences in Using Taboo Language. www.diva-portal.org
- [15] Nordquist, R. (2018). The Definition of Taboo Language Article, Thoughtco.com

. COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).